ABRIL 2023, ISYU 6

# ALTA CONNECTIONS

Ang Quarterly Client, Tagabigay ng Serbisyo, at Ulat ng Kawani na Newsletter



Higit pa sa aming **itinatampok na alagad ng sining na si Jacob Maddox** pahina 12

## MENSAHE NG EXECUTIVE DIRECTOR

*Executive Director Lori Banales*

Ang Employment First ay isang pambansang balangkas ng pagbabago ng sistema na nakatuon sa mga posibilidad sa loob ng lugar ng trabaho. Isinasaad ng batayan na ito na ang lahat ng indibidwal, kabilang ang mga may malalang kapansanan, ay may kakayahang magtrabaho. Ang pagsuporta sa mga indibidwal na pinaglilingkuran sa mga lugar ng trabaho ay nangangailangan ng sapat at nakatuong manggagawa. Sa katunayan, ang buong sistema ng serbisyo sa pag-unlad ay naapektuhan ng pangangailangang muling buksan ang mga opsyon sa serbisyo nang personal habang sabay na binabalanse ang pangangailangang makaakit at kumuha ng bagong manggagawa. Isa itong isyu sa buong estado na inaasahan naming matugunan. Sa nakalipas na ilang buwan, ang Alta California Regional Center (ACRC) ay nakipagsosyo sa Valley Mountain Regional Center (VMRC) upang makipagtulungan sa isang ibinahaging pananaw upang maakit ang mga naghahanap ng trabaho sa larangan ng mga kapansanan sa pag-unlad. Marami sa mga inisyatiba ng estado ang sumusuporta sa isang pokus na nakasentro sa tao. Ang pokus na ito ay tinatanggap nating lahat at nangangailangan ng mas maraming kawani upang suportahan ang higit pang mga kliyente sa indibidwal na mga paraan.

Nagpapatuloy sa pahina 2

### ANO ANG NASA LOOB NG ESPESYAL NA ISYU NA ITO TRABAHO:


- MENSAHE MULA SA ED
- SIERRA COLLEGE PARTNERSHIP
- 10 TAON NG EMPLOYMENT 1ST
- ESPESYALITA SA TRABAHO SA KLIYENTE NA ACRC
- KOMPETITIBO NA PINAGSAMANG MAPA NG LANDAS NG PAGTATRABAHO
- MGA SPOTLIGHT SA TRABAHO
- SPOTLIGHT NG KLIYENTE
- ACRC BASE SA MGA NUMERO
- ITINATAMPOK NA ALAGAD NG SINING
- KAHILINGAN NG MUNGKAHI SA MGA SERBISYONG SUMUSUPORTA SA PAMILYA

# MENSAHE NG EXECUTIVE DIRECTOR – PINAGPATULOY

*Executive Director - Lori Banales*

Kinikilala ng pakikipagtulungan ng VMRC/ACRC DSP (Direct Support Professionals) ang mga kasalukuyang hadlang at nagsasama-sama sa pakikipagtulungan sa aming mga lokal na tagapagkaloob upang lumikha ng isang paraan para makasulong. Nakuha namin ang mga talento ng isang ahensya ng pampublikong pakikipag-ugnayan para tulungan kami sa pagtataguyod ng Developmental Services System (Sistema ng mga Serbisyo sa Pagpapaunland) bilang isang propesyonal na oportunidad para sa mga naghahanap ng makabuluhang trabaho. Magkakaroon ng kampanya sa pampublikong pakikipag-ugnayan na ituturo ang publiko sa isang website na ginawa upang i-host ang ahensya ng tagapagkaloob at mga kabuuan ng mga rehiyonal na sentro na may mga link na direktang ilalapat sa mga ipinapaskil na trabaho. Ang website na ito ay may kapasidad na magsala sa mga domain, gaya ng county, zip code at uri ng trabaho, upang dalhin ang naghahanap ng trabaho sa mga bakanteng oportunidad sa kanilang gustong lugar. Inaanyayahan namin ang lahat ang mga provider ng serbisyo ng ACRC at VMRC na lumahok. Bukod pa rito, magkakaroon ng mga Job Expo na iho-host sa bawat rehiyonal na sentro ng sakop na lugar na may pag-asang makaakit at kumuha ng bagong henerasyon ng mga tauhan na susuporta sa indibidwal na mga plano ng serbisyo na sinusuportahan namin. Bagama't ang edisyong ito ng Alta Connections ay nakasentro sa pagpapatuloy ng mga oportunidad sa trabaho, kinikilala at sinusuportahan din namin ang pangangailangang muling buuin ang mga kapasidad ng mga manggagawa sa lahat ng mga bendedor upang ang mga kliyente sa lahat ng edad at yugto ay mabigyan ng akses at pagpili ng serbisyo.

# NAKIPAGSOSYO ANG ACRC SA SIERRA COLLEGE SA GAWAD NG TRABAHO SA DDS

Noong 2022, ang Department of Developmental Services (Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad) ay bumuo ng isang grant program (programa ng gawad) upang madagdagan ang mga landas patungo sa pagkakaroon ng trabaho. Ang $10 milyon ay iginawad sa mga proyekto sa buong estado na tutuon sa mga lugar tulad ng pagsasanay sa kawani, pagbabago ng kasalukuyang mga modelo ng serbisyo, at pagbuo ng mga relasyon sa taga-empleyo. Ang sakop na lugar ng ACRC ay magkakaroon ng ilang proyekto na idinisenyo upang palawakin ang mga oportunidad para sa mapagkumpitensyang pinagsamang trabaho para sa mga indibidwal na pinaglilingkuran. Ang mga kapana-panabik na proyekto na ginagawa ay kinabibilangan ng programa sa pagpapayo sa mga benepisyo, pakikipagtulungan sa Sierra College, pagsasanay para sa Customized Employment (Pinasadyang Trabaho), at higit pa. Ang mga tatanggap ng gawad ay nasa panimulang yugto ng pagpapatupad ng kanilang mga programa. Nasasaik ang ACRC na makita ang pagkilos ng mga programang ito upang patuloy na maalis ang mga hadlang para sa empleyo.

Sa pakikipagtulungan sa ACRC, ang Sierra College ay ginawaran ng DDS Employment Grant para sa kanilang Programang "Learning Independence for Future Employment (LIFE)." Ang LIFE Program ay magtatatag ng linya para sa paglikha ng pangmatagalan, matagumpay na trabaho sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga suporta at kurikulum sa antas ng kolehiyo ng komunidad upang lumikha ng isang landas para sa permanenteng Competitive Integrated Employment (Kumpetitibong Pinagsanib na Trabaho). Bilang bahagi ng programang LIFE, ang Sierra College ay magtitinda sa ACRC para sa kanilang programa sa Transition to Independent Living (Transisyon sa Malayang Pamumuhay). Ang programang ito ay magiging modelo pagkatapos ng programa ng Transition to Independent Living (Transisyon sa Malayang Pamumuhay) ng Taft College na nagbibigay ng isang komprehensibong kurikulum na naghahanda sa mga mag-aaral para sa malayang pamumuhay at trabaho sa oras na magtapos sila ng kolehiyo sa komunidad. Matagal nang pananaw ng ACRC na dalhin ang modelong ito sa ating komunidad. Ang bendorisasyon ng programang ito ay kasalukuyang isinasagawa.

# PAGDIRIWANG NG 10 TAON NG EMPLOYMENT FIRST SA CALIFORNIA

Sa taong ito, ipinagdiriwang ng California ang 10 taon ng aming patakaran sa Employment First. Noong Oktubre 9, 2013, ang California ay naging ika-12 na estado na nagpatupad ng patakaran ng employment first (trabaho muna) sa batas. Ang Employment First (trabaho muna) ay nangangahulugan na ang pagtatrabaho ay binibigyan ng pinakamataas na priyoridad para sa lahat ng mga indibidwal na nasa wastong edad ng pagtatrabaho na may mga kapansanan sa pag-unlad. Mula nang ipatupad ang patakaran sa Employment First ng California, gumawa kami ng maraming hakbang upang pataasin ang mapagkumpitensya, pinagsama-samang mga oportunidad sa trabaho. Noong Disyembre 2022, mayroong 2,120 na kliyente ng ACRC na may edad 16-64 ang tumatanggap ng kita. Ipinagmamalaki namin ang mga pagsisikap na ginawa upang madagdagan ang pinagsama-samang mga oportunidad sa trabaho para sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa pag-unlad at inaasahan ang susunod na 10 taon ng Employment First.

# SPOTLIGHT SA KAWANI - CLIENT EMPLOYMENT SPECIALIST (ESPESYALISTA SA PAG-EMPLEYO SA KLIYENTE) CARLY SHEARER



Ako ay SI Carly Shearer at ipinanganak at lumaki ako dito mismo sa Sacramento, CA. Nasa Alta California Regional Center ako mula noong Abril 2022 at nagpapasalamat akong nakatrabaho ang mga kamangha-manghang tao. Sinimulan ko ang aking paglalakbay sa larangang ito noong ako ay 18 taong gulang sa pamamagitan ng pagtatrabaho sa isang programa sa araw at pag-uugali at kalaunan ay lumipat sa pagtatrabaho sa pamamahala ng kaso sa isang tagapagbigay ng serbisyo sa pagtatrabaho pagkatapos ng pag-aaral. Sa aking tungkulin bilang Client Employment Specialist (Espesyalista sa Pag-empleyp sa Kliyente), nakikipagtulungan ako sa Mga Serbisyo sa Komunidad sa pangangasiwa sa mga bendedor ng serbisyo sa pagtatrabaho ng ACRC, nagsasagawa ng mga aktibidad sa pag-abot upang kumonekta sa mga potensyal na kasosyo sa taga-empleyo, at nagbibigay ng mga pagsasanay sa mga suporta sa pagtatrabaho na maiaalok ng ACRC, kabilang ang CIE, PIPs, at Tailored Day Services. Ang paborito kong bahagi ng aking trabaho ay makita ang lahat ng mga kwento ng tagumpay! Sa aking libreng oras, nasisiyahan ako sa paglalaro at paggugol ng oras kasama ang aking kasintahan at ang aming asong si Jet.

# LANDAS NG MAPA NG ACRC AT NG COMPETITIVE INTEGRATED EMPLOYMENT (CIE) (KOMPETITIBONG PINAGSAMANG TRABAHO)

Ano ang Competitive Integrated Employment (CIE) (Kompetitibong Pinagsamang Trabaho)? Ang CIE ay tumutukoy sa trabaho sa isang komunidad, nagtatrabaho kasama ng mga indibidwal na walang mga kapansanan at gumagawa ng hindi bababa sa pinakamababang sahod at nakakakuha ng parehong mga benepisyo at oportunidad tulad ng lahat ng iba sa posisyon na iyon. Ang landas ng bawat tao patungo sa CIE ay natatangi. Ang planong nakasentro sa tao batay sa pagpili at kagustuhan ay hahantong sa pinakasiya-siyang resulta. Ito ay kapaki-pakinabang at mahalaga para sa pagpaplano ng mga koponan at pamilya na makipag-usap nang maaga tungkol sa mga opsyon para sa kanilang mga mahal sa buhay. Halimbawa, ang mga gawain ng isang bata sa edad ng pag-aaral sa tahanan at mga gawain sa paaralan ay maaaring makatulong na matukoy ang kanilang mga lakas, mga interes at mga kagustuhan para sa trabaho kalaunan sa buhay.

Habang umuunlad ang mga kabataan sa mga taon ng kanilang elementarya at gitnang paaralan, lalong mahalaga na hikayatin ang mga koponan ng IEP, koponan ng pagpaplano, at pamilya na magkaroon ng regular na pag-uusap tungkol sa mga oportunidad sa trabaho. Ang pag-uusap na ito ay magbabago at lalago sa paglipas ng panahon.

Ang pagboboluntaryo ay nagbibigay ng mga oportunidad para sa mga indibidwal na naghahanap at isinasaalang-alang ang pagtatrabaho. Ang pagsisimula ng paglalakbay sa pamamagitan ng pagboboluntaryo ay nagbibigay-daan sa mga indibidwal na makaranas ng iba't ibang uri ng mga trabaho, gawain, at lugar. Halimbawa, mas gusto ba ng tao na magtrabaho nang mag-isa o kasama ang isang grupo? Panloob o Panlabas? Napakalaking halaga ng mga karanasang ito.

Ang mga oportunidad sa pagtatrabaho at pagboluntaryo ay nagtataguyod ng tiwala sa sarili, pagmamalaki, paggalang, pagpapahalaga, at pag-aari. Ang landas ng mapa ng CIE ay idinisenyo upang tulungan ang mga pamilya, kliyente at koponan na magalugad ang mahahalagang hakbang habang iniisip nila ang tungkol sa mga oportunidad sa CIE at nahahati sa 4 na pangkat ng edad: 12-15, 16-17,18-21, at 22-64. Ang bawat seksyon ay nagbibigay ng mga tiyak na tip at mapagkukunan na may kaugnayan sa pagpaplano ng pagtatrabaho.

Kami ay nakatuon sa mahalagang inisyatiba na ito at sa pagkuha ng mga pinakapositibong resulta para sa aming mga kliyente. Pakisuri ang website ng ACRC upang matuto nang higit pa tungkol sa CIE Roadmap at mga paraan kung paano itinataguyod ng ACRC ang aming mga kliyente sa trabaho: https://www.altaregional.org/post/competitive-integrated-employment-cie

## *Renee*

12 taon na ang nakalipas, sumali si Renee Minor sa Southside Unlimited sa Programang Work of Art. Tatlong araw sa isang linggo, nasisiyahan siya sa sining at paglikha, musika, at pakikipag-ugnayan na nauwi sa pagkakaibigan. Pagkatapos ay lumipat siya sa departamento ng pagtatrabaho, kung saan siya nagtrabaho bilang isang taga-uri sa recycling. Lumahok din siya sa mga klase at aktibidad sa pagpapaunlad ng trabaho upang ihanda siya para sa isang matagal nang hinahanap na oportunidad sa karera. Noong 2021, sa kanyang pagbabalik mula sa pagsasara sa panahon ng COVID, nakipagpulong si Renee sa kanyang tagasanay sa trabaho para talakayin ang pagpapatuloy ng kanyang paggalugad sa karera. "Handa akong gawin ito! Gustung-gusto ko ang bodega ng pag-recycle at lahat ng tao dito, ngunit panahon na." Nang tanungin ng kanyang tagasanay sa trabaho kung ano ang gusto niyang gawin para sa trabaho, masigasig na sumagot si Renee, "Daycare o preschool." Si Renee ay nakakasama ang kanyang pamangkin sa tuhod kapag ito ay umuuwi mula sa paaralan. Ang oras na ginugol sa kanya, paglalaro at pagtulong sa kanya, ay nagpapaalala sa kanya ng mga araw na ginugol sa pagtulong sa daycare ng kanyang kapatid na babae sa San Jose.





Noong Mayo 2022, lumapit ang tagasanay sa trabaho ni Renee sa isang lokal na preschool, kung saan nakipag-usap siya sa direktor para ipakilala ang ideya ng pagkakaroon ng karanasan ni Renee sa pamamagitan ng isang binabayarang programa ng internship na may suportadong trabaho.

Noong Hunyo 9, 2022, sinimulan ni Renee ang kanyang unang araw sa preschool. Tumutulong si Renee sa silid-aralan kasama ang mga batang nasa edad 2 hanggang 5 taon. Tumutulong si Renee sa buong araw sa paglilinis, pag-aayos, at pagtulong sa iba't ibang aktibidad kasama ang mga bata; lalo siyang nasisiyahan sa circle time kapag ang mga bata ay kumakanta at/o sumasayaw.

Ang mga kanta ay masaya, at ang pagsasayaw ay masigla. Nararamdaman niya ang labis na pagpapahalaga kapag niyayakap siya ng mga bata pagdating niya at/o pag-alis niya para sa araw na iyon. Sa suporta ng Southside Unlimited, ng Regional Center, at sa patnubay ng mga kawani ng preschool, naging katulong ng guro si Renee sa loob ng siyam na buwan. Napatunayan ni Renee ang kanyang sarili at ang kanyang taga-empleyo na isang mahalagang karagdagan sa koponan, at umaasa siyang matanggap nang permanente sa kanyang posisyon kapag natapos na ang kanyang binabayarang internship.

# MGA SPOTLIGHT SA TRABAHO

## *Sean*



Si Sean ay nasa isang sheltered na programa para sa karamihan ng kanyang pang-adultong buhay. Gustung-gusto niya ang gawaing ginagawa niya sa sheltered na programa na binubuo ng landscaping at groundskeeping, ngunit sa huli ay pinaalis. Noong 2022, na-refer si Sean sa tkMomentum. Gusto talaga ni Sean na magtrabaho ulit sa landscaping. Gayunpaman, mahirap kumuha ng CIE dahil walang lisensya sa pagmamaneho si Sean. Kaugnay nito, nagtanong ang tkMomentum sa mga parke na pinamamahalaan ng county/lungsod upang makita kung mayroon silang mga bukas na posisyon. Ang koponan ng mga parke na pinamamahalaan ng county/lungsod ay walang mga bakanteng trabaho, ngunit bukas sila sa paggawa ng isang Programa sa May-bayad na Internship, hanggang sa magbukas ang isang posisyon upang tulungan si Sean na bumuo ng mga kasanayang kinakailangan para sa CIE sa kanilang pasilidad. Ipinadala ng tkMomentum ang lahat ng kinakailangang dokumento sa koponan ng suporta na Alta Regional - Shea Sparkman, Service Coordinator (Tagapangasiwa ng Serbisyo), at Carly Shearer, Client Employment Specialist (Espesyalista sa Pag-Empleyo sa Kliyente). Parehong nag-apruba kaagad ang dalawa sa serbisyo. Si Sean ay 6 na buwan sa kanyang PIP at natutunan niya ang halos lahat ng gawain sa trabaho, bukod sa mga gawain sa trabaho na nangangailangan ng pagmamaneho. Si Sean ay nagsisimula sa trabaho nang kasing-aga ng alas 7 ng umaga at lubhang napaka-produktibo. Nasisiyahan siyang magtrabaho at nadidismaya kapag kailangan niyang magpahinga tulad ng mga araw na hindi ligtas ang mga kondisyon, o kapag umuulan. Si Sean ay sineseryoso ang kanyang trabaho at ipinagmamalaki niya ang kanyang ginagawa.

## *Mitchell*

Mahigit 1 taon nang nagtatrabaho si Mitchell sa kanyang kasalukuyang amo. Si Mitchell ay isang Customer Service Associate/Loader (Katulong sa Serbisyo sa Kostomer/ Tagapagkarga) - siya ay tumutulong sa pagbibigay at paghahatid ng mga tamang produkto sa mga kostomer sa pamamagitan ng ligtas na pagbababa ng mga paninda mula sa palapag ng bentahan papunta sa mga sasakyan ng kostomer. Mahusay si Mitchell sa serbisyo sa kostomer at nasisiyahan siyang makipagtulungan sa kanyang mga kostomer. Nasisiyahan din si Mitchell na magtrabaho kasama ang mga katrabaho at nakikilahok sa lahat ng mga gawain ng kumpanya kasama ang kanyang koponan. Masayang-masaya rin si Mitchell sa suporta mula sa kanyang koponan sa Vocational Specialist (bokasyonal na espesyalita) sa On My Own Community Services, tinulungan siya ng mga ito sa kanyang pinaglalagyan at patuloy na sinusuportahan siya upang maging matagumpay sa kanyang kasalukuyang tungkulin.



# MGA SPOTLIGHT SA TRABAHO

## *Robert*



Si Robert Jungnitsch ay isang napakasaya at masipag na binata. Hindi lang isa kundi dalawa ang kanyang trabaho! Mayroon siyang full-time na posisyon sa pagpapanatili sa isang lokal na kumpanya na nagseserbisyo sa isang lokal na apartment complex. Nagtatrabaho rin si Robert ng part-time bilang isang Janitor sa distrito ng El Dorado County School. Sinabi ni Robert na gustung-gusto niyang magtrabaho at pinahahalagahan niya ang mga gantimpala at benepisyo na natatanggap niya mula sa kanyang mga amo. Nakipag-network din si Robert sa kanyang mga taga-empleyo at katrabaho para magkaroon ng pangmatagalang propesyonal na relasyon.



## *Kate*







Mahirap hindi ngumiti kapag nasa tabi mo si Kate. Ang kanyang masaya at mapagmahal na positibong saloobin ay nagdudulot ng kagalakan sa lahat ng nakakakilala sa kanya. Maraming kaibigan ni Kate ang makapagpapatunay dito! Si Kate ay kilala sa kanyang lokal na komunidad at sa paligid ng kabayanan. Nagkaroon siya ng maraming kaibigan at kakilala sa pamamagitan ng kanyang iba't ibang aktibidad sa adbokasiya, pagboboluntaryo, at pagbabahagi sa iba ng kanyang oras. Mahirap maghanap ng lugar kung saan hindi kilala si Kate ng mga kostomer at empleyado. At kung hindi mo nakikita si Kate sa komunidad, maaari mong makitang nakikihalubilo siya sa kanyang mga paboritong mga mang-aawit.

Si Kate ay bukas-palad na nagbigay ng maraming oras sa kanyang komunidad sa pamamagitan ng mga pilantropikong kontribusyon. Siya ang nakangiting mukha na bumabati sa mga pamilyang naghihintay sa kanilang mga mahal sa buhay sa Mercy Hospital habang nag-aalok sa kanila ng mga pampalamig. Mula sa isang silid-hintayan hanggang sa susunod na silid, makikita mong itinutulak ni Kate ang kanyang kart ng mga panghimagas para makapagbigay ng kaginhawaan sa iba. Dahil sa pagmamahal ni Kate sa mga bata, nagtrabaho siya sa mga paaralan bilang isang katulong sa silid-aralan kasama ang Mustard Seed at isang presenter galing sa A Touch of Understanding.

## *Kate nagpapatuloy sa*



Tinatangkilik ni Kate ang maraming libangan: palakasan, sining at likhang-sining, musika, pag-eehersisyo. Ang kanyang kasiyahan sa sining at likhang-sining ay nagbunsod sa kanya na magsimula ng sarili niyang negosyo, ang Faith Designs. Gagawa si Kate ng mga bagay na batay sa pananampalataya at dadalo sa mga kaganapan para mabili ng iba ang kanyang mga nilikha. Nagbigay din si Kate sa kanyang komunidad sa pamamagitan ng kanyang negosyo sa pamamagitan ng pangangalap ng pondo para makabili ng mga kinakailangang mga kagamitan para sa Mustard Seed School.

Alam ni Kate ang kahalagahan ng pagkakaroon ng boses para makipag-usap at makipag-ugnayan sa iba. Ang kanyang malakas na paninindigan sa pagtiyak na ang lahat ay may boses ang naghantong sa kanya upang magtrabaho para sa CTEC kung saan siya ay nagtuturo sa kanyang mga kapantay na gumagamit ng isang AAC na aparato pati na rin ang pamumuno sa isang panlipunang grupo na tinatawag na Jazzy Talkers.

Kahit na sa abalang iskedyul ni Kate, naglalaan siya ng oras para sa kung ano ang pinakamahalaga sa kanya. Si Kate ay napakalapit sa kanyang pamilya at gustong gumugol ng kalidad na oras sa kanila alinman sa pagiging abala o nagpapahinga lamang sa bahay. Kasama man ni Kate ang pamilya, mga kaibigan o siya ay abala, palagi niyang ipinapakita ang kanyang mabait at mapagmahal na personalidad. Kaya kung nasa labas ka sa komunidad at nakilala mo si Kate, siguraduhing kumustahin at makikita mo ang kanyang mga mata na lumiwanag sa kanyang ngiti na nagpapahiwatig na siya ay masaya na makita ka.

## *Jackson at Anna: Pagbuo ng Pakikipagsosyo sa Negosyo - Pansariling-Empleyo*




Sina Jackson at Anna ay parehong nakatira sa Davis, CA, kung saan sila lumaki at magkasamang pumasok sa junior high school. Sila ay abala sa buhay sa pagboboluntaryo sa kanilang komunidad, at pareho nilang sinasabi na sila ay may mabuting pakikipag-ugnayan sa mga bata.

Sa tulong ng tagapangasiwa ng micro-enterprise at mga koponan sa suporta sa negosyo, at sa mga regular na pagpupulong tungkol sa pansariling-empleyo, nagawang tuklasin nina Jackson at Anna ang kanilang mga talento, subukan ang mga ideya sa negosyo, at kalaunan ay nagpasya na maging magkasosyo sa negosyo.

Sina Jackson at Anna ay parehong nagtapos sa high school noong 2002 na may ilang ideya kung ano ang gusto nilang gawin. Alam ni Jackson na interesado siyang magtrabaho sa mga computer at software. Tinuturuan niya ang kanyang sarili na gumamit ng Adobe Photoshop para sa grapikong disenyo, at napakahusay sa paglikha ng mga larawan upang mapatawa ang mga tao. Habang naging mas mahusay si Jackson sa Photoshop, siya at ang kanyang koponan sa suporta sa negosyo ay nag-brainstorming sa mga ideya sa negosyo.

Nakipagpulong si Jackson tuwing dalawang linggo kasama ang tagapangasiwa sa micro-enterprise at koponan ng negosyo para sa pagpaplano ng pagpapaunlad ng negosyo. Tinulungan siya ng kanyang koponan na gumawa ng pisibilidad na pag-aaral sa pamamagitan ng pag-alam kung may merkado para sa pagbebenta ng kanilang sining. Samantala, nagpasya si Jackson na makakuha ng higit pang pagsasanay sa Adobe Photoshop sa Sacramento City College upang mapabuti ang kanyang mga kasanayan.

Sa pamamagitan ng mas mahusay na mga kasanayan sa computer at Photoshop, ginamit ni Jackson ang kanyang ipon para bumili ng laptop at camera. Ipinagpatuloy niya ang kanyang mga regular na pagpupulong sa negosyo tuwing dalawang linggo, upang talakayin ang kanyang pag-unlad, subaybayan ang anumang kita na nakuha niya mula sa pagbebenta ng kanyang likhang sining, suriin kung gumana ang kanyang mga ideya o hindi, at gumawa ng bagong listahan ng mga ideya at gawain.




## *Jackson at Anna – karugtong*

Samantala, nagkaroon ng trabaho si Anna sa pagtulong sa mga bata sa paggawa ng mga teddy bear sa Build-A-Bear Workshop.

Katulad ni Jackson, kasama ni Anna ang kanyang koponan sa suporta sa negosyo sa isang pisibilidad na pag-aaral sa kanyang sariling mga ideya sa negosyo.

Isinaalang-alang ng koponan ang mga ideya tulad ng pagbebenta ng mga stuffed animals mula sa isang kariton. Pagkatapos ay bumili si Anna ng magagandang pinalamanan na mga hayop at sinubukang ipakita ang mga ito sa bintana ng isang tindahan ng bulaklak, ngunit hindi ito nabenta.

Dahil mahilig siyang magpatakbo ng makinarya, iminungkahi ng koponan ng suporta ni Anna na matuto siyang gumawa ng mga butones at magnet. Nagustuhan niya ang ideyang ito at bumili siya ng makina ng butones gamit ang sarili niyang pondo at iniakma ito sa isang lokal na tindahan ng hardware para mas madaling maibaba niya ang lever nito. Ngunit kailangan pa rin niya ng taong magdidisenyo ng mga butones na gusto niyang ibenta.

Napagtanto ng koponan ni Jackson na siya ang magiging perpektong kasosyo sa negosyo para kay Anna. Nang imungkahi ng kanyang koponan ang ideya kay Jackson, nagustuhan niya ito at lalo nilang pinaunlad ang negosyo sa pamamagitan ng kanilang pakikipagsosyo. Buttons 'n Bears, Oh My! ay binuo at hanggang ngayon ay nasa negosyo mula noong 2008. Kasama ng mga pinasadyang butones at magnet, makakabili ang mga kostomer ng stuffed animals, na angkop para sa lahat ng okasyon ng pagbibigay ng regalo. Sikat din ang mga butones at magnet para sa Save-the-date para sa mga kasalan o baby shower. Gumagamit din ang mga negosyo ng mga butones upang parangalan ang kanilang mga tauhan.

Sina Anna at Jackson, na sinusuportahan ng kanilang koponan ng negosyo, ay nakikipagtulungan sa mga indibidwal at organisasyon upang mahanap ang tamang disenyo para sa anumang okasyon. Sa yugto ng kamusmusan ng negosyo sina Anna at Jackson ay kumatok sa mga sambahayan sa pagmemerkado sa kanilang negosyo na siyang nagdala sa kanila sa mga tanggapan ng mga tumatakbo sa halalan sa lungsod. Natatawa silang sinasabing ang kanilang mga butones ang gumagawa ng paraan dahil ang bawat kandidato na gumamit ng kanilang mga butones para mangampanya ay nanalo sa halalan. Dumalo rin sila sa ilang mga kaganapan sa pagbebenta sa komunidad at mabilis na natutunan ang mas mahusay na mga kaganapan sa pagbebenta at ang hindi gaanong produktibo. Habang umuunlad ang negosyo, ang diskarte sa pagmemerkado ay naisayos upang matugunan ang mga pangangailangan sa merkado. Ang negosyo ay nakakuha ng mga kostomer higit sa lahat sa pamamagitan ng salita ng bibig, mga referral, pagbebenta sa mga kaganapan, gamit ang isang sidewalk advertising billboard at ang lumalaking kasanayan ni Jackson sa pagmemerkado ng kanilang negosyo sa pamamagitan ng social media.

Si Jackson at Anna ay may abalang iskedyul sa pagbebenta ng kanilang mga paninda mula sa kanilang tanggapan sa Davis at sa mga lokal na kaganapan sa komunidad, at paggawa ng mga butones at magnet na partikular sa bawat kaganapan. Kapag ang Buttons 'n Bears, Oh My! ay nagpapakita sa mga kaganapan at kumperensya sa komunidad, palaging makikita sina Anna at Jackson na nagdidisenyo at gumagawa ng kanilang pinakabagong likha. Ang order ng 2000 butones para sa isang kampanya ay ang pinakamalaking solong order sa ngayon. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa: Buttons ‘n Bears, Oh My! Email: buttonsnbearsohmy@gmail.com Website: www.buttonsnbears.com

## *Justin*

Nagsimulang magtrabaho si Justin (JJ) Ortiz sa PRIDE Industries noong Oktubre ng 2017. Mabilis na natutunan ni JJ ang mga trabaho at alam niya kung ano ang gusto niyang gawin. Si JJ ay inilagay sa isang Supported Employment Group (Grupo ng Suportadong Trabaho) sa Beal Air Force Base sa isang lokasyon ng Food Service (Serbisyo sa Pagkain), at nagtrabaho doon ng ilang buwan. Ito ay isang magandang karanasan sa pag-aaral tungkol sa mga inaasahan ng taga-empleyo, pati na rin ang pagpapanatiling malinis ng isang malaking kusina, at lahat ng mga kinakailangan na mayroon ang militar. Patuloy na natutunan ni Justin ang iba't ibang trabaho at nagkaroon ng mga karanasan sa komunidad sa Eskaton, Nevada County Fairgrounds at iba pang non-profit na organisasyon sa pamamagitan ng PRIDE hanggang 2019. Dahil sa pandemya, naging aktibo si JJ sa Zoom, at nasiyahan sa pakikipag-ugnayan sa kanyang mga kaibigan habang nagpapatuloy sa mga paksang may kaugnayan sa trabaho. Noong taglagas ng 2022, ginagamit ni JJ ang kanyang mga kakayahan upang makakuha ng trabaho at nakahanap ng part-time na trabaho sa paghuhugas ng pinggan sa isang lokal na Grass Valley restaurant. Nadagdag din siya sa isa pang Supported Employment Group (Grupo ng Suportadong Trabaho) sa pamamagitan ng PRIDE. Ipinagmamalaki ni JJ na noong panahon ng pandemya ay nag-aral siya at nakuha niya ang kanyang lisensya sa pagmamaneho at isang kotse. Tinatangkilik niya ang kalayaan na kailangan niyang pumunta sa iba’t ibang lugar, at kamakailan ay naglakbay nang mag-isa sa Hawaii.

## Paul



**Sinulatan kami ni Paul Bonner – Binabati ka namin Paul!**



A.I.M. & Associates
Achieve Independent Milestones
11930 Heritage Oak Place, Suite 5
Auburn, CA 95603
530-392-4820

I Love working At my current Safe-way JoB AND I Am so ~~exic~~ Excited About Getting my owe year PIN I am going to keep up the great JoB at Safeway

Paul Bonnar 3/8/2023

## Nathan - State Employment Initiative (Inisyatibo sa Trabaho sa Estado)

Ang pangalan ko ay Nathan Martin, ako ay ipinanganak at lumaki dito sa Sacramento, mayroon akong Autism, at nagtatrabaho ako sa Estado ng California, na nakuha ko sa pamamagitan ng State Employment Initiative (Inisyatibo sa Trabaho sa Estado) sa pamamagitan ng ALTA California Regional Center. Na-diagnose ako na may Autism sa edad na 4 at naging kliyente ako ng regional center nang matagal. Pagkatapos makapagtapos ng High School, nagpatuloy ako sa pag-aaral sa Los Rios Community Colleges, pangunahin sa Sacramento City College. Noong 2011, lumipat ako ng mas malapit sa Sacramento City College, sa sarili kong apartment sa pamamagitan ng Sacramento Housing and Redevelopment Agency (Ahensya ng Pabahay ay Muling Pagpapaunlad ng Sacramento), kung saan ako nakatira mula pa noon. Talagang nasisiyahan ako sa pagkakaroon ng sarili kong apartment na may isang silid-tulugan, ngunit ang gusto ko ay maging ganap na makapagsarili, at nangangahulugan iyon ng pag-alis sa SSI, pagkuha ng trabaho, at pagkuha ng isang uri ng degree. Nahirapan akong makahanap ng tamang major para sa akin sa kolehiyo dahil ako ay isang Special Ed na mag-aaral sa halos buong buhay ko at hindi ako binigyan ng pagpipilian na tingnan kung ano ang gusto ko. Palagi akong sinasabihan na hindi ako makapagtatrabaho, aasa sa SSI sa natitirang bahagi ng aking buhay, na ako ay isang pasan sa mga mapagkukunan. Pagkatapos kumuha, pumasa, bumaba, bumagsak sa napakaraming klase sa kolehiyo, sa wakas ay napili ko na ang aking major, na Antropolohiya. Sa parehong oras na iyon, nagsimula akong dumalo sa isang grupo ng suporta para sa mga Autistic na tulad ko at ipinakilala ako sa isang magandang negosyo na tinatawag na Progressive Employment Concepts, na nakabase sa Citrus Heights. Ang pagiging kasama sa organisasyong ito ay isang karanasan sa pagbabago ng buhay. Binigyan nila ako ng impormasyon at pagsasanay kung paano mapanatili ang isang trabaho, kung paano kumilos kasama ng mga katrabaho at superbisor, at binigyan ako ng lakas ng loob na pumasok sa isang trabaho at magkaroon ng pakiramdam na may layunin akosa buhay.

Sa pamamagitan ng Progressive Employment Concepts at Department of Rehabilitation (Departamento ng Rehabilitasyon) ay natanggap ako sa State Employment Initiative (Inisyatibo sa Trabaho sa Estado), na tumutulong sa mga taong may mga kapansanan sa pag-unlad na makahanap ng mga trabaho ng serbisyo sa estado. Tumagal ng maraming buwan, ngunit nakahanap kami ng departamentong pagtatrabahuan ko. Matapos mahanap ang trabahong ito, nagsimulang bumuti ang lahat para sa akin. Nagawa kong umalis sa Social Security, iginawad sa akin ang aking Associate's Degree sa Anthropology (pati na rin ang 3 iba pa na naipon ko) noong 2019 at nakuha ko ang aking lisensya sa pagmamaneho noong 2021. Talagang nasisiyahan ako sa pagtatrabaho sa aking departamento at kung hindi dahil sa pagsisikap at dedikasyon ng ALTA California Regional Center, Progressive Employment Concepts, Best Buddies, at Department of Rehabilitation, wala ako kung nasaan ako ngayon. Ako ay walang hanggang nagpapasalamat sa mga negosyong ito na isinasama ang mga taong may mga kapansanan tulad ko sa mga trabaho na makabuluhang nagpapabuti sa ating buhay, ating pananalapi, ating katatagan, at ating mga pananaw. Ang aking pangunahing layunin ay ang manatiling permanenteng Empleyado ng Estado hanggang sa araw na ako ay magretiro, at maaaring isang araw ay bumili ng kotse at bahay o condominium na sarili ko.

# NAGLIBOT ANG MGA MIYEMBRO NG LUPON NG ACRC SA MIRASOL VILLAGE AT DENTAL CLINIC

Noong Pebrero 14, 2023, binisita ng mga Miyembro ng Lupon ng ACRC ang unang pagpapaunlad ng pangmaraming-pamilyang pabahay ng Mirasol Village ACRC at ang dental clinic. Ang parehong mga proyektong ito ay binuo gamit ang Community Placement Plan (Plano ng Pagkakalagay ng Komunidad) at mga pondo ng Community Resource Development (Pagpapaunland ng Makukunan ng Komunidad). Higit pa sa dental clinic sa aming susunod na edisyon.

















# SPOTLIGHT SA KLIYENTE - SHELBY WRIGHT



Kumusta, ako si Shelby Wright at ako ay 24 taong gulang. Isa akong malayang nasa hustong gulang at nakatira ako sa bahay sa isang komunidad na mahal ko, kasama ang aking suportibong pamilya. Marami akong mga interes at nasisiyahan akong makipagkilala sa mga tao. Marami akong kilala sa aking komunidad at kilala rin nila ako. Nakikipagtulungan ako sa aking koponan upang bumuo ng isang buwanang iskedyul na nakatuon sa paggawa ng mga bagay na gusto ko, pakikipag-ugnayan sa maraming tao, at paglahok sa mga kaganapan sa komunidad. Mahalaga sa akin na magkaroon ng makabuluhang iskedyul na nag-aalok sa akin ng mga oportunidad upang madagdagan ang aking mga kasanayan sa komunikasyon at pagtataguyod sa sarili. Patuloy akong nagsasaliksik ng mga bagong aktibidad sa lipunan at libangan at upang mapahusay ang pakikipag-ugnayan sa komunidad. Masaya ako na paparating na ang mga buwan ng tag-init, dahil marami pang bagay na dapat gawin.

Tinutulungan ako ng aking pamilya at ng aking koponan na tukuyin ang mga kaganapan at aktibidad na masisiyahan ako. Kasapi ako sa maraming lugar sa komunidad tulad ng Crocker Art Museum, Funderland, at Sacramento Zoo. Gusto kong pumunta tuwing Sabado sa Farmer's Market sa downtown kung saan nakikita ko ang maraming tao na nakakakilala sa akin. Inaasahan kong makikita ko sila, at inaasahan nilang makita ako!

Ang musika at paglangoy ay ilan sa aking mga paboritong aktibidad. Nasisiyahan akong makinig ng live na musika sa Torch Club sa Sacramento bawat linggo, at mahilig ako sa mga konsyerto sa parke kapag maganda ang panahon. Nasisiyahan ako sa pagtatambol at sa terpiya sa musika. Mahilig akong lumangoy sa gym sa aking komunidad nang mga 3 hanggang 4 na beses bawat linggo. Marami din doon na nakakakilala sa akin!

Isa sa aking mga layunin ay turuan ang iba tungkol sa kung paano ako nakikipag-usap sa pamamagitan ng aking iPad-Touchchat at kung paano ko isinasama ang musika sa aking istilo ng pag-aaral. Nakikilahok ako minsan sa mga pulong ng Jazzy Talkers, isang panlipunang grupo na gumagamit ng AAC kung saan nakikipag-usap ako nang mag-isa sa aking mga kaibigan. Kasisimula ko lang ng lingguhang pag-aaral upang matuto ng higit pa ng mga salita para mas marami akong masabi sa pamamagitan ng aking aparato. Marami akong gustong sabihin! Mas natututo ako tungkol sa kung ano ang gusto kong gawin, at tulad ng nakikita mo, marami akong interes! Sa tingin ko, napakaganda ng simula ko, maraming kabataang kaedad ko ang nagsisimula sa kanilang paglalakbay at nag-iisip tungkol sa trabaho. Sa tingin ko, mahalagang tuklasin ang maraming opsyon bago magpasya tungkol sa trabaho. Sinubukan ko ang ilang iba't ibang mga trabaho ngunit hindi ko pa nakikita ang aking perpektong akma. Iniisip ko ang tungkol sa pagboboluntaryo at tutuklasin ko ang higit pang mga lugar upang subukang mahanap ang trabaho na tama para sa akin. Magiging mahusay kung ito ay may kasamang musika at maraming tao! Ito ay isang magandang panimulang punto para sa akin at ito ay maaaring maging isang magandang ideya rin para sa iyo. Gusto kong patuloy na matugunan ang mga tao at balansehin ang aking mga karanasan upang mabuo ang aking pansariling-determinasyon at ingklusibong buhay! Sana kung makita mo ako sa komunidad ay lumapit ka at kumustahin ako.

# ACRC BASE SA NUMERO

***Alam mo ba na ang ACRC ay lumalaki ng humigit-kumulang na 1000 na mga kliyente taun-taon?***

**<u>Narito ang aming pinaglilingkuran simula noong Marso 15, 2023:</u>**

Early Start – 2377

Lanterman Clients - 25,858

Kabuuan = 28,235

# MGA UPDATE SA PAG-UNLAD NG MAPAGKUKUNAN

Mga pagbabago sa mapagkukunan sa huling ikatlong-buwan

## Mga Bagong Service Provider

**MALAYANG TAGAPAGSA-AYOS**
Earl Gage Jr.

**SPECIALIZED THERAPEUTIC SERVICES (3-20)**
Psychwest
MMW Psychological Service

**SPECIALIZED THERAPEUTIC SERVICES (21 &up)**
Psychwest

**PARTICIPANT DIRECTED PERSONAL ASSISTANCE**
Janny D Kenyon

**INDEPENDENT LIVING SERVICES**
E&E Agency

**CLINICAL PSYCHOLOGIST**
Dorcas Liriano Roa, PHD
The Blooming Mind, LLC

**SUPPORTED LIVING SERVICES**
Hands United, LLC

**Pasilidad ng Paninirahan ng Matanda**
Marysville-Yuba Care Home
Wellcare Homes 4 - Engle

**MGA PAGBABAYAD NG PANGLIPUNANG LIBANGAN**
22 reimbursement ang naproseso ngayong quarter.

## Mga Saradong Tagabigay ng Serbisyo

**INDEPENDENT LIVING SPECIALIST**
Pamela La Pask

**MONEY MANAGEMENT**
C&J PAYEE

**PATOLOHIYA NG PANANALITA**
PAGSASALITA SA MOTOR MOUTH
TALK WITH ME THERAPIES

# TAMPOK NA ALAGAD NG SINING - JACOB MADDOX







Si Jacob Maddox ay isang bihasang alagad ng sining na may malaking imahinasyon at pagnanais na lumikha. Ang kanyang talento ay makikita sa biswal na sining na kanyang nilikha sa Ceramic, Drawing, at Three-Dimensional na mga klase. Siya rin ay nagtataglay ng mahusay na mga kakayahan sa musika sa pagsulat ng kanyang sariling mga liriko ng kanta at pagtugtog ng akustikong gitara. Maaaring siya ay isang tao na kakaunti ang salita, ngunit ipinahayag ni Jacob ang kanyang sarili sa pamamagitan ng kanyang sining at malinaw na marami siyang gustong ibahagi!

The Arc.
Placer County

Maaaring ipadala ang mga katanungan sa pagbebenta sa mariew@placerarc.org o 916-781-6911 at higit pang impormasyon sa Studio 700 ay matatagpuan sa Facebook page ng Arc of Placer County at sa www.placerarc.org.

# Kahilingan para sa Proposal ng Coordinated Family Support Services

**Uri ng Proyekto:** Coordinated Family Support Services (CFS)
**Paglalarawan ng Proyekto:** Ang mga tagapagbigay ng CFS ay mag-uugnay at magbibigay ng mga bagay na tinukoy sa ibaba para sa mga nasa hustong gulang na naninirahan sa tahanan ng pamilya. Ang CFS ay dapat iakma sa mga natatanging pangangailangan ng mamimili at kanilang pamilya at ibibigay sa paraang iginagalang ang kanilang wika at kultura. Pangunahing ipagkakaloob ito sa tahanan ng isang tao. Maaaring kasama sa CFS, ngunit hindi limitado sa:

- Pagkilala at pagbibigay ng mga suportang kinakailangan upang matagumpay na manirahan sa tahanan ng pamilya.
- Magbigay ng tulong at pagsasanay para sa mamimili, at sa kanilang pamilya, sa paggalugad sa mga komprehensibong serbisyo at suporta na iniakma upang matugunan ang kanilang mga natatanging pangangailangan kabilang ang paglikha ng mga landas upang malampasan ang mga hadlang sa pag-akses ng heneriko at iba pang mga mapagkukunan.
- Pagbibigay ng karagdagang impormasyon o mga mapagkukunan sa diagnosis ng mamimili at mga natukoy na suporta.
- Pag-uugnay ng pare-pareho sa pagsasanay sa mga tagapagkaloob na partikular sa mga pangangailangan ng mamimili at kanilang pamilya.
- Pagtulong sa pag-iskedyul ng paghahatid ng serbisyo kabilang ang medikal at iba pang mga appointment.
- Pagkilala sa mga opsyon o serbisyo sa transportasyon.
- Pagkilala sa mga haliling mga tagapagkaloob/suporta at pagbibigay ng mga haliling suporta kapag nabigo ang plano.
- Pagbibigay ng pagpaplano sa hinaharap para sa mamimili, kabilang ang mga nakatira kasama ang mga tumatanda nang mga tagapag-alaga.
- Pagbibigay ng pagsasanay sa mamimili na nagpapalawak ng kanilang kalayaan.

Hindi dapat palitan o kopyahin ng CFS ang anumang koordinasyon ng serbisyo ng sentrong pangrehiyon, pangkaraniwang serbisyo o iba pang serbisyong pinondohan ng sentrong pangrehiyon na natatanggap ng mamimili at kanilang pamilya. Ang CFS ay maaaring hindi ibigay ng isang indibidwal na naninirahan sa parehong tahanan ng mamimili. Sa pinakamababa, ang pangangailangan ay dapat tasahin taun-taon, na may pag-unlad na iniuulat kada ikatlong buwan.

Ang mga nakakatugon sa pamantayan sa pagiging kwalipikado sa ibaba ay hinihikayat na tumugon sa Kahilingan para sa Panukala na ito.
**Mga Kwalipikasyon para sa Direktang Tagabigay ng Serbisyo:**
*CFS Direct Support Coordinator:* Associates-level degree sa isang larangan ng pag-aaral ng mga serbisyo ng tao o 3 taong karanasan sa sistema ng paghahatid ng serbisyo sa mga kapansanan sa pag-unlad; Ang kakayahang makipag-usap sa pangunahing wika ng mamimili at kanilang pamilya;
Kaalaman sa sistema ng Regional Center.
*CFS Supervisor*: Bachelors-level degree sa isang larangan ng pag-aaral sa serbisyo sa tao o Associates-level degree sa isang larangan ng pag-aaral sa serbisyo sa tao at hindi bababa sa 3 taong karanasan sa sistema ng paghahatid ng serbisyo sa mga kapansanan sa pag-unlad.
Ang mga pagbubukod sa pinakamababang kwalipikasyon, kasama ang katwiran, ay dapat isumite sa sentrong pangrehiyon para sa pagsusuri at pagpapasiya ng Department of Developmental Services (Departamento ng mga Serbisyo sa Pag-unlad).
**Saklaw ng Serbisyo:** Sa loob ng unang 30 araw ng pakikipagtulungan sa isang mamimili at sa kanilang pamilya, ang mga tagapagbigay ng CFS ay dapat magbigay ng pagsasanay sa kanilang mga tauhan at superbisor sa mga sistema ng paghahatid ng serbisyo kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali at mga lokal na Ahensya ng Lugar sa Pagtanda.
Gamitin at pakinabangan ang mga kasalukuyang mapagkukunan ng komunidad upang mapahusay at bumuo ng mga suporta na nakasentro sa tao at indibidwal.
**Mga Gastos para sa Pagsusumite ng Panukala:** Ang mga aplikanteng tumutugon sa Kahilingan para sa Panukala na ito ay sasagutin ang lahat ng mga gastos na nauugnay sa pagbuo at pagsusumite ng kanilang Pakete ng Aplikasyon ng RFP. Walang mga gastos na dapat sisingilin sa Alta California Regional Center (Rehiyonal na Sentro ng Alta California), Department of Developmental Services (Departamento ng mga Serbisyo sa Pag-unlad), o Estado ng California.

Isumite sa: Jason Scantlebury Community Services Specialist (916) 978-6336 jscantlebury@altaregional.org